Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 9, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jun M. Asinas | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Narciso A. Cayos | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Bryan R. Lateo | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 157-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. DOMENG KABAYAN NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (TWO-STAG DERBY) SA OKTUBRE 21, 2006 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Domeng Kabayan na makapagdaos ng pasabong ( two - stag derby) sa Argem Sports Coliseum sa Oktubre 21, 2006;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa libreng gamutan ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Mike Jomel M. Ombico, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Serafin C. San Juan, Jr. at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kahilingan ni G. Domeng Kabayan na makapagdaos ng pasabong (two-stag derby) sa Oktubre 21, 2006 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya, Business Permit and License Office at Tagapangulo ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan